REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-78

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG LIMAMPUNG LIBONG PISO(₱50,000) KAY G. ELPIDIO F. UNTALAN NG BARANGAY CUPANG NA GAGAMITIN SA KANYANG PAGSASANAY AT IBA PANG KAUKULANG GASTUSIN NA MAY KINALAMAN SA KANYANG PAGLAHOK SA MARLBORO TOUR '89 SA BUWAN NG ABRIL 1989 BILANG PAGTANGKILIK NG PAMAHALAANG BAYAN.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, si G. Untalan bilang mamamayan ng Muntinlupa at isa sa inaasahang magwawagi sa gaganaping Marlboro Tour '89 sa Abril ay malaking karangalan at kapurihan sa bayan kung siya ang tatanghaling kampiyon o magkakamit ng unang puwesto sa nasabing paligsahan;

SAPAGKAT, isa sa mga pangunahing layunin ng Pamahalaang Bayan ay ang pagpapaunlad ng palakasan (sports) at pagbibigay ng mga programang pangkalusugan ng pangangatawan (physical fitness program);

SAPAGKAT, ang pagsisikap ni G. Untalan na mabigyan ng pangalan at karangalan ng Bayan ng Muntinlupa ay dapat lamang itaguyod at tustusan ng Pamahalaang Bayan upang maging huwaran ng iba pa nating kababayan lalo na ng mga kabataan;

SAPAGKAT, ang gagawing pagsasanay ay nararapat lamang bilang paghahanda sa nalalapit na laban upang lalong madagdagan ang pag-asa na manguna sa paligasahan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglaan ng halagang limampung libong piso (₱50,000.) kay G. Elpidio F. Untalan ng Barangay Cupang na gagamitin sa kanyang pagsasanay at iba pang kaukulang gastusin na may kinalaman sa kanyang paglahok sa Marlboro Tour sa buwan ng Abril 1989 bilang tulong at pagtangkilik ng Pamahalaang Bayan.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't limang (45th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-30 ng Enero 1989.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina - 2 -

Kapasiyahan blg. 78

PINAGTIBAY :

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. PunongBayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. ROY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal